

Umiiral mga Hakbangin sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay para sa mga Etnikong Minoridad

Rehistrasyon ng Botante at mga Serbisyong Elektoral

Ang Tanggapan ng Rehistrasyon at Elektoral (REO), ay ang pinaka-ehekutibong bisig ng Komisyon ng Mga Pangyayaring Elektoral (EAC), ang responsable sa pagbibigay ng administratibong suporta sa EAC sa episyenteng pagdiskarga ng kanyang ayon sa batas na mga punsyon sa ilalim ng Ordinansa ng EAC (Kabanata 541). Ito ay naglakis ng pagsusuri at guhit ng konstityuwensyang mga hangganan, pagparehistro ng mga botante, pagtitipon ng mga tagubilin at mga ulat, pagsasagawa at pangangasiwa ng mga halalan at paghahawak ng mga reklamo.

Malaki ang kahalagahan ng Pamahalaan sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi bilang isang mahalagang panukala sa pagbabalangkas, pagpapatupad at pagsusuri ng mga kaugnay na mga patakaran at mga panukala. Dahil dito, inilagay ng REO ang ilang mga panukala upang mapadali ang pag-akses ng mga etnikong minorya (EMs) sa impormasyon na may kaugnayan sa pagpaparehistro ng botante at mga bagay na may kinalaman sa halalan.

A. Pagparehistro ng Botante

- Mga Umiiral na Hakbangin
- Ang pangunahing impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay inilathala sa pitong mga wika ng EM¹ (sa anyo ng isang paunawa na impormasyon at isang hanay ng mga Tanong at Sagot) sa itinalagang website para sa pagpaparehistro ng botante upang matulungan ang mga EMs sa pag-unawa sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at ang mga ayon sa batas na mga pamamaraan at mga huling oras para sa botante na magparehistro.
 - Ang mga mensahe sa Pagrehistro ng Botante ay inilathala sa pitong mga wika ng EM¹ sa mga pahayagang palihan ng Sentro Para sa Armonya at Pagpapahusay ng mga Residente sa Etnikong Minoridad (Center for Harmony at

¹ Kasama sa pitong EM na wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu.

Enhancement of Ethnic Minority Resident, - CHEER) at sa apat na wika ng EM² sa mga lokal na pahayagan sa panahon ng Kampanya ng Pagpaparehistro ng Botante sa mga taon ng halalan.

- Ang walong mga sentro ng serbisyo ng suporta sa EM³ ay magagamit kung saan ipinapakita ang mga paskil sa pagpaparehistro ng botante, ang mga porma ng aplikasyon ng botante ay magagamit para sa koleksyon ng mga EMs, at ang mga counter sa pagrehistro ng botante ay itinayo upang matulungan ang mga EMs sa pag-apply para sa pagpaparehistro ng botante sa panahon ng kampanya sa pagpaparehistro ng botante sa taon ng halalan.
- Ang pangunahing mga mensahe sa pagpaparehistro ng botante ay ibinobroadcast sa pamamagitan ng radyo sa limang mga wika ng EM⁴.
- Ang mga porma ng pagsusuri ay ipinamahagi sa mga sentro ng serbisyo ng suporta sa EM upang mangolekta ng mga pananaw ng EMs upang makatulong na repasuhin ang aming umiiral na mga serbisyo sa pagpaparehistro ng botante para sa EMs at pagbutihin ang mga pagsisikap sa publikidad upang bigyan ang EMs ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante sa mga taon ng halalan.
- Sa pakipagtulungan kasama ng CHEER, ang REO ay nagbibigay ng libreng serbisyo ng pagsasalin sa telepono sa pitong mga wika ng EM¹, sa pamamagitan ng hotline ng halalan, upang matulungan ang mga taong EMs sa paggawa ng katanungan kaugnay sa bagay ng pagpaparehistro ng botante.
- Repasuhin ng REO ang mga serbisyo nito para sa EMs paminsan-minsan, palakasin ang pagsasanay sa empleyadong direktang nakikipag-usap sa mga mamimili sa pagpapabuti ng kanilang komunikasyon sa EMs at, sa abot ng makakaya, ipagpatuloy upang mapahusay ang

Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain

² Kasama sa apat na wika ay Bahasa Indonesia, Nepali, Tagalog and Urdu.

³ Ang walong mga suportang mga sentrong serbisyong EM ay Sentrong CHEER (Kwun Tong), Sentrong HOME (YauTsimMong), Sub-sentrong HOME (Sham Pui Po), Sentrong HOPE (Wanchai), Sentrong LINK (KwaiTsing), Sentrong SHINE (TuenMun), Sub-sentrong TOUCH (Tung Chung) at Sentrong YLTH (Yuen Long).

⁴ Kasama sa limang EM na wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Thai at Urdu

mga pagsisikap sa publisidad, upang mabigyan sila ng impormasyon sa pagparehistro ng botante, kabilang ang pagpupulong sa mga samahang di-pampamahalaan upang talakayin ang mabisang paraan na hikayatin at tulungan ang karapat-dapat na EMs sa pagrehistro bilang mga manghahalal.

B. Mga Bagay Kaugnay sa Halalan

Mga Umiiral
na Hakbangin

- Pangunahing impormasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa halalan, sa partikular na mga pamamaraan sa pagboto, sa pitong mga wika ng EM¹ na ibinigay sa nakalaang website ng halalan at ipinakita sa walong mga sentro ng serbisyo ng suporta sa EM³ upang matulungan ang EMs sa pag-unawa sa may-katuturang impormasyon sa panahon ng taon ng halalan.
- Mga patalastas tungkol sa nominasyon at pag-apela para sa pagboto sa Ordinaryong Halalan sa Konseho ng Distrito at sa Kalahatang Halalan sa Konseho ng Lehislatibo ay inilagay sa pitong mga pahayagang palihan na inilathala sa mga sentro ng serbisyong suporta ng EM³.
- Isang Polder na Pagtutulong sa Wika na naglalaman ng mahahalagang impormasyon sa mga pamamaraan ng pagboto na nakalimbag sa pitong wikang EM¹ at isang hanay ng gabay na nakalarawan sa mga hakbang sa pagboto ay magagamit sa bawat himpilan ng botohan upang matulungan ang mga manghahalal ng EM kung kinakailangan sa pagbibigay ng kanilang mga boto sa araw ng botohan.
- Sa pakipag-ugnayan kasama ng CHEER, ang REO ay nagbibigay ng libreng serbisyo ng pagsasalin sa telepono sa pitong mga wika ng EM¹, sa pamamagitan ng hotline sa telepono ng REO, upang tulungan ang mga botanteng EM na makaiintindi sa mga paraan ng pagboto at sa paggawa ng mga katanungan sa mga bagay na kaugnay sa halalan.
- Sa taon ng halalan, ang mga mensahe ay isinahimpapawid sa limang mga wika ng EM⁴ sa pamamagitan ng radio upang i-anunsyo ang mga impormasyon kaugnay sa

halalan at apelahin ang mga botanteng EM na bumuto.

- Ang impormasyon sa halalan sa anim na wika ng EM⁵ ay magagamit sa homepage ng Home Affairs Department's Race Relations Unit (www.had.gov.hk/rru).
- Ang apela ay ginawa sa mga kandidato upang magbigay ng mga patalastas sa halalan sa wikang Ingles at / o mga wikang EM upang mapadali ang pag-unawa ng mga manghahalal na hindi nagbabasa ng wikang Tsino.
- Ang REO ay magsusuri sa kanyang mga serbisyo para sa mga taong EMs paminsan-minsan at, sa lawak ng magagawa, ay magpapatuloy na mapabuti ang kanyang mga pagsisikap upang magbigay sa mga botanteng EM ng pangunahing mga impormasyon sa mga bagay na kaugnay sa halalan.

Pagtatasa ng
Hinaharap na
Gawain

Katanungan

Katanungan ay maaaring gawin sa pamamagitan ng sumusunod na mga tsanel-

Katanungan Num.: 2649 7786 [Senyor na Opisyal na Elektoral (Mga Distrito ng mga Botante ayon sa Heograpiya / Pagpapatala ng Botante)] (sa mga bagay na kaugnay sa pagparehistro ng botante)

3580 2605 [Opisyal ng Elektoral (Dibisyon ng Halalan 3) Suportang Espesyal 3] (sa mga bagay na kaugnay sa halalan)

Email: reoenq@reo.gov.hk

Tanggapan ng Rehistrasyon at Elektoral Hulyo 2019

⁵ Kasama sa anim EM na wika ay Bahasa Indonesia, Hindi, Tagalog, Nepali, Thai at Urdu.